السنّة النبوية وعلومها
www.sunnah.global

# O mga tao, magbalik-loob kayo kay Allāh sapagkat tunay na ako ay nagbabalik-loob sa Kanya nang isandaang ulit sa isang araw."}

Ayon kay Agharr (malugod si Allāh sa kanya), na kabilang sa mga Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "O mga tao, magbalik-loob kayo kay Allāh sapagkat tunay na ako ay nagbabalik-loob sa Kanya nang isandaang ulit sa isang araw."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nag-uutos ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mga tao ng pagpaparami ng pagbabalik-loob at paghingi ng tawad. Nagpapabatid siya tungkol sa sarili niya na siya ay nagbabalik-loob kay Allāh (napakataas Siya) at humihingi ng tawad sa Kanya nang higit sa isandaang ulit sa isang araw samantalang pinatawad na siya sa anumang nauna sa pagkakasala niya at anumang nahuli. Sa gayon ay may kalubusan ng pagkaaba at pagpapakamananamba kay Allāh (kapita-pitagan Siya at kataas-taasan).

https://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/4809

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee